Senior High School

DEPARTMENT OF EDUCATION

Kuwarter

1

# Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

Modelong Banghay-Aralin sa Mabisang Komunikasyon
Kuwarter: 1 : Bilang ng Araw: 2

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng *Strengthened Senior High School Curriculum*. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyales ang karapatang-aring iyon.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Banghay-Aralin**
**Manunulat:** Ignacio L. Jubahib Jr.
Rehiyon XI
Dibisyon ng Tagum City

**Tagasuri ng Nilalaman:** Derick Dale Y. Mendoza **I** Rosemarie L. Guitang
**Tagasuri ng Wika:** Dr. Jayson D. Petras
**Konsultant:** Dr. Jayson D. Petras
**Learning Area Specialist:** Jefferson V. Torres

Bureau of Learning Delivery
Bureau of Curriculum Development
Bureau of Learning Resources

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa katanungan o puna, maaaring sumulat o tumawag sa Tanggapan ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov

| MODELONG BANGHAY-ARALIN NG YUNIT | | | |
|---|---|---|---|
| **Asignatura** | Mabisang Komunikasyon | **Baitang** | 11 |
| **Semestre** | | **Kuwarter** | Una |
| **Manunulat** | **Ignacio L. Jubahib Jr.Rehiyon 11(SDO-Tagum City)** | | |

| **I. LAYUNIN *(Pagtukoy sa mga Layunin)*** | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang mabisang komunikasyon sa personal at interpersonal na konteksto sa anyong pasalita, pasulat, at multimodal; nauunawaan nilang ang mga padron ng interaksyon ay naiaangkop at kolaboratibo; at ang pagkakaroon ng tiwala, emosyonal na pagtugon, at pag-unawa sa konteksto ay nagpapalalim ng makakabuluhang ugnayan at pakikipagpalagayang-loob sa malalim na pag-unawa sa pinanggagalingan ng kausap. |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Nagagampanan ng mga mag-aaral ang mga tiyak na papel sa mga kontrolado at di-kontroladong personal at interpersonal na sitwasyong komunikatibo; nakalalahok sa komunikasyong intrapersonal, gaya ng pagtatakda ng layunin, pagninilay, at pagsusulat sa talaarawan; **nakikibahagi sa malalalim na talakayan tungkol sa mga personal at interpersonal na paksa;** nakapagbibigay ng maiikli at mahahabang tugon sa mga tanong kaugnay sa nilalaman at layunin ng usapan at korespondensiya; at nakabubuo ng iba't ibang anyo ng personal at interpersonal na korespondensiya tulad ng liham, *email, text message o chat***,** at *post* sa *social media*. |
| **Mga Kasanayang Pampagkatuto** | Sa puntong ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang bihasa o may angking kaalaman na sa mga kakayahang komunikatibo *(pragmatiko at sosyolinggwistiko*).<br><br>Nahihinuha ang mga pangunahing idea mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitalang at aktuwal na personal na interaksyon).<br><br>Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal at interpersonal na konteksto, na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin. |
| **II. BATAYANG** | **Hanguang Aklat:** |

<table>
<tr><td>SANGGUNIAN SA PAGKATUTO<br>(Pagpili ng mga Materyal)</td><td>Jocson, Magdalena. Komunikasyon at Pananaliksik sa Kultura at Wikang Filipino. 2018.<br><br>Hanguang Elektroniko: .<br>Google. “SB19 MAPA Lyrics.” https://www.google.com/SB+19+MAPA+lyrics. Accessed 6 June 2025.<br>“SB19 - MAPA (Lyric Video).” https://www.youtube.com. Accessed 6 June 2025.<br>“Untitled Video.” YouTube, uploaded by unknown, https://www.youtube.com/watch?v=LjZ7UnkAtYk. Accessed 6 June 2025.<br>“Untitled Video.” YouTube, uploaded by unknown, https://www.youtube.com/watch?v=BbP2MSZpQ8E. Accessed 6 June 2025.<br>“Untitled Video.” YouTube, uploaded by unknown, https://www.youtube.com/watch?v=j440mvG6j2g. Accessed 6 June 2025.<br>Mga larawang kuha ni G. Ignacio L. Jubahib. Accessed 6 June 2025.</td></tr>
<tr><td colspan="2">(Kailangang maisagawa ang mga ito sa bawat paksa o kasanayang pampagkatuto)</td></tr>
<tr><td>III. NILALAMAN<br>(Pagsasaayos ng Nilalaman)</td><td>PAKSA 1:TEKSTONG PASALITA, PASULAT, MULTIMODAL<br>PAKSA 2: ASKPETONG PERSONAL AT INTERPERSONAL NA KOMUNIKASYON</td></tr>
<tr><td>IV. TUNGUHIN<br>(Pagtatakda ng Malinaw na Tunguhin at Pagsusuri ng mga Gawain)</td><td>Nahihinuha ang mga pangunahing ideya mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitala at aktuwal na personal na interaksyon).<br>A. Nabibigyang kahulugan ang pangunahing ideya.<br>B. Nakapagpapaliwanag sa halaga ng pangunahing ideya sa teksto; at<br>C. Natutukoy ang pangunahing ideya sa tekstong pasalita, pasulat at multimodal.<br><br>Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal at interpersonal na konteksto, na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.<br>A. Natutukoy ang mga proseso ng pagbibigay kahulugan, pakikilahok at pagpapahayag; at<br>B. Nakagagamit sa mga proseso ng pagbibigay- kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa pakikipagkomunika ng mga personal at interpersonal na konteksto.</td></tr>
</table>

| **V. PAMAMARAAN:**<br>**LC1:-Nahihinuha ang mga pangunahing ideya mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitala at aktuwal na personal na interaksyon).**<br>a. Nabibigyang kahulugan ang pangunahing ideya;<br>b. Nakapagpapaliwanag sa halaga ng pangunahing ideya sa teksto; at<br>c.Natutukoy ang pangunahing ideya sa tekstong pasalita, pasulat at multimodal. | | **TALA SA GURO**<br>*(Panuto sa guro sa kung paano isasakatuparan ang mga gawain.)* |
|---|---|---|
| **A. Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman** | 1. Paghango sa Dating Kaalaman<br>*Sa puntong ito, ating suriin ang inyong paunang kaalaman sa mga nagdaang aralin:*<br>***Opsiyon 1:*** Batay sa mga larawang makikita, tukuyin kung ito ay personal o interpersonal na komunikasyon.<br> <br>*Mga Kuhang Larawan ni G. Ignacio Jubahib* | Maaaring gawin ang opsiyon 1 at 2 ayon sa kung ano lamang ang kagamitan na mayroon ang guro.Sa *video*, maaari itong I-download ng guro gamit ang link na makikita dito.<br><br>Ang gawaing ito ay tumutuon sa layunin na *Nahihinuha ang mga pangunahing ideya mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitala at aktuwal na personal na interaksyon).* |
| | **Opsiyon 2:** Panoorin ang video tungkol sa isang isang ulat ng ABS-CBN hinggil sa babaeng yumakap sa isang babaeng reporter at tukuyin kung ito ba ay personal o interpersonal na komunikasyon.<br>https://www.youtube.com/watch?v=DgAK992xrRk<br><br>2. Paglalahad ng Layunin:<br>**Opsiyon 1: Hinuha mo, Ilahad Mo:** Tingnan ang bersyong komiks ng akdang Ang Kalupi ni Benjamin Pascual at sagutin ang mga pamprosesong tanong. | Ang gawaing ito indibidwal at nagpapalalim ng pag-unawa sa akda sa pamamagitan ng pagsasanay ng kritikal na pag-iisip, pagsusuri, at pagbibigay-kahulugan batay sa konteksto ng panitikan. |




*Ito ay isa sa mga proyekto ng mag-aaral ni G. Ignacio L. Jubahib*
*Modify by: Chatgpt.ai*

***Pamprosesong Tanong:***

1. Anong ideya ang iyong nakuha sa komiks?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Sa iyong palagay, ano dapat ang ginawa ni Aling Marta upang hindi mapahamak ang bata?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Paano mo maiuugnay ang mensahe ng komiks istrip na "Ang Kalupi" sa mga isyung panlipunan sa kasalukuyan, at ano ang iyong natututuhan tungkol sa kahalagahan ng hindi agad paghuhusga sa kapwa?

______________________________________________
______________________________________________

*Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 1.*

**Multimodal Learning:** Ang paggamit ng komiks ay naaayon sa visual learning preferences ng maraming SHS learners.

Ang gawaing ito ay tumutukoy sa layuning *Nahihinuha ang mga pangunahing ideya mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitalang at aktuwal na personal na interaksyon).*
*A. Nabibigyang kahulugan ang pangunahing ideya;*

| | | |
|---|---|---|
| | ***Opsiyon 2:***<br><br>Bigkasin nang may wastong damdamin ang mga sumusunod na mga linya sa pelikula at sagutin ang mga pamprosesong tanong.<br><br>“Ang choice, para lang sa may pera.”<br>– Joy Fabregas (Kathryn Bernardo), *Hello Love Goodbye*,2019<br><br>"You're nothing but a second-rate, trying hard copycat!"<br>— *Cherie Gil, Bituing Walang Ningning (1985)*<br><br>*“*Ang mundo ay isang malaking Quiapo, maraming snatcher.Lumaban ka”<br>__Babygirl Dela Rosa(Carmi Martin), *No Other Woman, 2011*<br><br>***Pamprosesong Tanong:***<br><br>1. Bakit ganoon ang naging pagbigkas? Ano ang dating sa nakikinig?<br><br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>2. Anong damdamin ang ipinapahiwatig ng mga nabanggit na pahayag?<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________<br>________________________________________________ | Sa pamamagitan ng pagbigkas ng linya mula sa pelikula na may wastong damdamin at paggamit ng mga pamprosesong tanong, nahuhubog ang emosyonal at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral. Kapag isinama ito sa isang maayos na *Instructional Design Framework* tulad ng ADDIE, mas napapalalim ang pagkatuto at mas nagiging makabuluhan ang karanasan sa silid-aralan.<br><br>Para sa guro: *Maaring magbigay ng ibang linya sa kdrama/wattpad/social media at iba pang plataporma.* |
| | | |

| | | |
|---|---|---|
| **B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman** | 1. Paglalahad ng Halimbawa:<br>***Opsiyon 1:*** *Pakinggan ang liriko ng awiting "MAPA" na inawit ng SB-19. Tukuyin ang pangunahing ideyang ipinahihiwatig ng awitin.*<br><br>Kaya 'wag mag-alala<br>Ipikit ang 'yong mata, tahan na<br>Pahinga muna, ako na'ng bahala<br>Labis pa sa labis ang 'yong nagawa<br>Mama, pahinga muna<br>Ako na<br><br>Papa, naalala mo pa ba<br>Nung ako ay bata pa, diba?<br>Aking puso'y 'yong hinanda sa<br>Mga bagay na buhay ang may dala<br>Dala ko ang 'yong bawat payo<br>At hanggang sa dulo, magkalayo man tayo<br>Ako'y tatayo, pangako, tatay ko<br><br>**Isulat sa kahon ang mga pangunahing ideya na iyong nakuha mula sa pakikinig sa awit.**<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | Ang gawaing ito ay tumutugon sa *Nahihinuha ang mga pangunahing ideya mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitalang at aktuwal na personal na interaksyon).*<br>A. Nabibigyang kahulugan ang pangunahing ideya; b. Nakapagpapaliwanag sa halaga ng pangunahing ideya sa teksto; at c.Natutukoy ang pangunahing ideya sa tekstong pasalita, pasulat at multimodal.<br><br>Tala sa guro:<br>*Maaaring kunin ang kabuoan ng lyrics sa spotify.com*<br>*Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 2.*<br>**Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:**<br><br>Pakikilahok sa mga usapang nangangailangan ng aktibong pakikinig at pagkakaroon ng empatiya (hal., pakikiramay at pakikidalamhati, |

| | | |
|---|---|---|
| | ***Opsiyon 2:*** Ipapanood sa mga mag-aaral ang isang *video* na pinamagatang Si Maam na tumutukoy sa sakripisyo ng isang guro para sa kaniyang mga mag-aaral. Tukuyin ang pangunahing ideyang nais ipahiwatig ng *video*.<br>https://www.youtube.com/watch?v=LjZ7UnkAtYk<br>**Isulat sa kahon ang mga pangunahing ideya na iyong nakuha mula sa pakikinig sa awit.**<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ | pagbibigay ng eulohiya, atbp.)<br><br>Angkop na dulog sa instructional design framework para sa ganitong uri ng bidyo ay:<br>Contextualized and Inquiry-Based Learning Approach<br>Paliwanag: |
| | 2. Pagtalakay ng Bagong Konsepto<br>Ang **pangunahing ideya** ay ang pinakapaksa o sentral na kaisipan ng isang talata o teksto. Ito ang pinakamahalagang mensahe na nais iparating ng may-akda sa mga mambabasa. Karaniwan, sinusuportahan ito ng mga detalyeng pantulong o sumusuportang impormasyon upang mapalawak at mapalalim ang pag-unawa rito.<br>Halimbawa:<br>Kung ang talata ay tungkol sa kahalagahan ng pag-eehersisyo, ang pangunahing ideya ay maaaring:<br>"Ang regular na pag-eehersisyo ay mahalaga para sa kalusugan ng katawan at isipan."<br>Ang mga detalyeng pantulong ay maaaring:<br><br>1. Nakakatulong ito sa pagpigil ng mga sakit.<br>2. Nakatutulong ito sa pagpapababa ng stress.<br>3. Pinapalakas nito ang resistensiya.<br>Paano matukoy ang pangunahing ideya?<br>1. Hanapin ang pangunahing paksa ng talata.<br>2. Tukuyin kung ano ang pinakamahalagang punto tungkol sa paksang iyon. | **Estratehiya ng Guro sa** Pagtalakay<br>1. Simulan sa Halimbawa (Pagpapakilala ng Paksa)<br><br>Magpakita ng isang maikling talata.<br><br>Tanungin ang mga estudyante:<br><br>“Ano ang pinaka-importanteng ideya dito?”<br><br>Ipakita kung paano hanapin ang pangunahing ideya gamit ang unang o huling pangungusap.<br><br>2. Pag-uuri ng Uri ng Teksto (Sorting Game) |

3. Basahin ang unang o huling pangungusap, dahil kadalasan dito inilalagay ang pangunahing ideya.

4. Kung gusto mong subukan tukuyin ang pangunahing ideya mula sa isang talata, puwede kang magbigay ng halimbawa at tutulungan kita.

**Pagtalakay sa Tekstong Pasalita, Pasulat, at Multi-modal.**

1. Tekstong Pasalita

Ang tekstong pasalita ay tumutukoy sa mga anyo ng komunikasyon na ginagamit sa pagsasalita o pakikipag-usap nang direkta sa pamamagitan ng bibig. Kadalasang ginagamit ito sa talumpati, pakikipagpanayam, diskusyon, o karaniwang pag-uusap.

"Ang pasalitang wika ay ginagamit sa interpersonal na komunikasyon at nangangailangan ng pakikipag-ugnayan nang harapan."

2. Tekstong Pasulat

Ang tekstong pasulat ay ang paraan ng pagpapahayag ng ideya sa anyong nakasulat na teksto, tulad ng liham, sanaysay, ulat, o akdang pampanitikan. Wala itong sabayang interaksyon, kaya dapat malinaw at organisado ang ideya.

"Ang tekstong pasulat ay nangangailangan ng mas maingat na estruktura at gamit ng wika dahil hindi agad makakakuha ng tugon mula sa mambabasa."

3. Tekstong Multimodal

- Ang tekstong multimodal ay uri ng teksto na pinagsasama ang dalawa o higit pang anyo ng komunikasyon gaya ng wika, larawan, tunog, kilos, at galaw upang maghatid ng mensahe. Kadalasang ginagamit ito sa digital media tulad ng videos.

| **Pasalita** | **Pasulat** | **Multimodal** |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

Magbigay ng mga halimbawa (hal. vlog, liham, tula, video).

Ipagawa sa estudyante ang paglalagay sa tamang kategorya:

Pasalita – binibigkas

Pasulat – sinusulat

Multimodal – halo-halong paraan (tunog, larawan, teksto)

3. Gamitin ang Komunikasyon sa Tunay na Buhay (Role-play)

Ang aktibidad na ito ay tumutugon sa layuning *Nahihinuha ang mga pangunahing ideya mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitala at aktuwal na personal na interaksyon).*

*Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 3.*

Ihanay sa kahon kung saan nabibilang ang ilan sa mga anyo ng komunikasyon.

| | |
|---|---|
| Kuwento o nobela | Educational YouTube video |
| Music video | Tula |
| Rebyu o kritika | E-mail |
| Panayam/interview | Sermon |

3.Paglinang ng Kabihasaan:

**Opsiyon 1:**

Matapos mong matukoy ang pangunahing ideya sa napakinggan awitin, bumuo ng iyong sariling hinuha. Isulat ito at maghandang bigkasin sa harap ng klase.

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

**Opsiyon 2:**

Matapos mong makuha ang pangunahing ideya sa napanood na *video* na may pamagat na "Si Maam", maghanap ng iba pang uri ng teksto(Pasulat at multimoda) at isulat kung paano kinuha ang pangunahing ideya. Gawing *format* ang tsat na makikita sa ibaba.

| **Pasalita** | **Pasulat** | **Multimodal** |
|---|---|---|
| | | |

*Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 4.*

**RUBRIKS SA PAGSULAT NG HINUHA**

| Kategorya | 5 - Napakahusay | 4 - Mahusay | 3 - Katamtaman | 2 - Di-Gaanong Mahusay | 1 - Hindi Mahusay |
|---|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman ng Hinuha** | Malinaw, lohikal, at may matibay na batayan; nagpapakita ng masusing pag-unawa | Malinaw at may batayan; may lohika ang pag-uugnay ng impormasyon | May batayan ngunit kulang sa lohikal na ugnayan | Hindi sapat ang batayan; magulo ang lohikal na pagkakabuo | Walang batayan; hindi maayos ang lohika ng hinuha |
| **Orihinalidad** | Orihinal at makabago ang paraan ng pagbuo ng hinuha | May pagka-orihinal; nagpapakita ng sariling pag-iisip | Karaniwan ang ideya; may kaunting orihinalidad | Halatang ginaya o inuulit lamang ang ideya ng iba | Wala o kulang ang orihinalidad ng ideya |
| **Kaayusan ng Pagsulat** | Organisado, may wastong gamit ng bantas at gramatika | Organisado ngunit may bahagyang pagkakamali sa gramatika o bantas | Medyo magulo; may ilang kamalian sa gramatika at bantas | Magulo at maraming pagkakamali sa gramatika at bantas | Hindi maintindihan; maraming malalaking kamalian |

**Puntos: ______/15**

**RUBRIKS SA PAGBIGKAS NG GINAWANG HINUHA**

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Kalinawan ng Pagbigkas** | Malinaw, may angkop na bilis at lakas ng tinig; may ekspresyon | Malinaw ang pagbigkas; may angkop na intonasyon at ekspresyon | Naiintindihan ngunit kulang sa ekspresyon o minsan ay mahina/mabilis magsalita | Mahina o monotonong pagbikas, hirap intindihin | Hindi maintindihan; walang effort sa pagbigkas |
| **Pananabik at Komunikasyon** | Lubos na nakatawag-pansin at nakabuo ng koneksyon sa tagapakinig | Nakatawag-pansin at nakakaengganyo ang presentasyon | Katamtam ang nakatawag-pansin | Mahina ang koneksyon sa tagapakinig | Walang koneksyon o interes ang tagapakinig |

**Puntos: _____/10**
**Kabuoang Puntos:** ___ / 25

**Marka:**

22–25: Napakahusay
18–21: Mahusay
13–17: Katamtaman
8–12: Di-Gaanong Mahusay
5–7: Hindi Mahusay

**C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan**

1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon:

***Opsiyon 1: "Balita Ko, Solusyon Namin"***

Panuto:
1. Panoorin ang balita hinggil sa pagtaas ng kaso ng HIV sa Pilipinas. Makikita ang lyrics sa ibaba:
https://www.youtube.com/watch?v=BbP2MSZpQ8E
2. Pagkatapos, ang klase ay hahatiin sa grupo (Malaya ang guro kung ilan

Ang aktibiting ito ay nakatuon sa pag-unawa ng mga napapanahong isyu sa pamamagitan ng panonood ng isang multimodal na balita. Mula rito, hinahasa ang kakayahan ng mga mag-aaral na tukuyin ang pangunahing

| | | |
|---|---|---|
| | ang magiging bilang ng grupo sa klase.<br>3. Hanguin ang pangunahing ideya gamit ang mga gabay na tanong:<br><br>1. Ano ang pangunahing ideya ng balita?<br>2. Anong isyu ang tinatalakay, at bakit ito mahalaga sa kabataan?<br>3. Ano ang epekto nito sa lokal na komunidad?<br>4. Anong mungkahing solusyon o proyekto ang maaaring gawin ng Kabataan?<br>4.Bawat grupo ay magsasagawa ng pag-uulat gamit ang mga sumusunod na gabay:<br>1. Pagpapakilala sa isyu<br>2. Pangunahing ideya ng balita<br>3. Mungkahing programa/solusyon na maaaring isagawa sa Eskwelahan o barangay. | ideya, magsuri, at magsagawa ng konkretong hakbang bilang tugon sa isyu. |
| | **Opsiyon 2: “Tinig ng Karanasan, Tugon ng Aksyon”**<br>Magpakinig o magpabasa ng isang personal na sanaysay o podcast episode na tumatalakay sa isang suliraning pangkabataan (hal. academic burnout, peer pressure, cyberbullying).Malaya ang gurong pumili ng kahit na anong episode o sanaysay na maari niyang kunin.Susuriin ng mga mag-aaral ang ipapakita ng guro batay sa mga gabay na tanong para sa pagsusuri:<br><br>1. Ano ang pangunahing ideya ng salaysay?<br>2. Ano ang emosyonal o panlipunang epekto ng karanasan?<br>3. Nakikita mo ba ito sa sariling paligid? Bakit?<br>4. Paano ito maaaring gawing paksa ng pananaliksik na may solusyong Praktikal?<br>Magpa-ulat sa mga mag-aaral hinggil sa pangunahing ideya na nakuha mula sa ipinabasa ng guro. | Sa aktibiting ito, ang mga mag-aaral ay makikinig o magbabasa ng personal na karanasan o salaysay (pasalita o pasulat), pagkatapos ay bubuo ng mungkahing paksa para sa pananaliksik batay sa isyung tinalakay. Tinuturuan silang makiramay, magsuri, at tumugon sa tunay na suliranin sa paligid. |
| | 2. Paglalahat<br><br>**Opsiyon 1: "Balangkas ng Kaisipan" (Para sa Tekstong Pasulat at Pasalita)**<br>*Panuto:*<br><br>1. Panoorin ang video recording ng talumpati ni *Deshauna Barber*, Miss | Ang gawaing "Balangkas ng Kaisipan" ay malinaw na nakaugat sa constructivist instructional design framework, na nakatuon sa aktibong pagbuo ng kaalaman |

| | | |
|---|---|---|
| | USA 2016.(Tekstong Pasalita).Narito ng link ng video na maaaring I-*download* ng guro:<br>https://www.youtube.com/watch?v=BbP2MSZpQ8E<br><br>2. Basahin ang subtitle ng video recording na napanood at itala ang mga mahahalagang pangunahing ideya na makikita sa akda.(tekstong pasulat).<br>3. Pagkatapos, hatiin ang klase sa maliliit na grupo.*(Ayon sa bilang ng klase)*<br>4. Bawat grupo ay gagamit ng graphic organizer (tulad ng concept map o tree diagram) upang ilahad ang pangunahing ideya sa gitna, at mga pantulong na kaisipan sa mga sanga.<br>5. Magpapalitan ng presentasyon ang bawat grupo upang ipahayag kung paano nila nahinuha ang ideya batay sa mga detalye ng teksto. | ng mag-aaral batay sa kanilang sariling karanasan, dating kaalaman, at interaksyon sa teksto (pasulat man o pasalita). |
| | ***Opsiyon 2:* "MultiMedia Meaning-Making" (Para sa Tekstong Multimodal)**<br>Panuto:<br>1. Panoorin ang lyric video ng Marawi na inawit ni Isang De Torres. Narito ang link ng lyric video:<br>https://www.youtube.com/watch?v=j440mvG6j2g<br><br>2. Habang nanonood, bibigyan ang mga mag-aaral ng template na may mga tanong tulad ng:<br><br>1. Ano ang pangunahing paksa ng video?<br>2. Ano ang layunin ng tagapagsalita?<br>3. Ano ang mahahalagang impormasyon na ibinahagi?<br><br>Sa huling bahagi ng aktibiti, pasasagutin sila ng tanong sa bahaging Paglalahat:<br>“Ano ang pangunahing ideya ng napanood mo, at paano ito naipahayag gamit ang iba't ibang paraan (salita, kilos, larawan, tunog)?” | *Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 5.*<br><br>Ang "MultiMedia Meaning-Making" ay isang gawaing nagpapagamit sa mga mag-aaral ng iba’t ibang uri ng tekstong multimodal (larawan, video, tunog, teksto) upang maunawaan at maipaliwanag ang kahulugan ng isang paksa o ideya. Ginagamit dito ang karanasan, interaksyon, at malikhaing pagproseso ng impormasyon — pangunahing elemento ng Constructivist learning. |

Ipagagawa sa kanila ang isang maikling buod ng pangunahing ideya gamit ang 3-5 pangungusap.

______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________
______________________________________________________________

3. Pagtataya:

**Opsiyon 1: Pagsusuri sa Talumpati (Pasalita na Teksto)**

Gawain:


Pakinggan ang panayam kay Kristel Fulgar sa Toni Talks (https://www.youtube.com/watch?v=EA6nGc8jYB0).Pagkatapos ay sumulat ng isang maikling sanaysay (5–7 pangungusap) na nagpapakita ng pangunahing ideya at sumusuportang detalye mula sa iyong narinig.

| **Kategorya** | **5 - Napakahusay** | **4 - Mahusay** | **3 - Katamtaman** | **2 - Di-Gaanong Mahusay** | **1 - Hindi Mahusay** |
|---|---|---|---|---|---|
| Pangunahing Ideya | Malinaw at tiyak na naipahayag ang pangunahing ideya | Malinaw ngunit kulang sa lalim | Medyo hindi malinaw | Hindi tiyak o nagulo ang ideya | Walang nabanggit na pangunahing ideya |
| Sumusuportang Detalye | Kumpleto at kaugnay sa ideya | May sapat na detalye | Kaunti o kulang sa kaugnayan | Mali o hindi kaugnay | Walang detalye o wala sa paksa |
| Organisasyon ng Sanaysay | Lohikal, malinaw ang daloy ng ideya | Malinaw ngunit may kaunting kalabuan | May kalituhan sa pagkakaayos ng ideya | Hindi organisado | Walang malinaw na pagkakasunod-sunod ng |

Ang aktibidad na ito ay tumutugon sa layuning *Nahihinuha ang mga pangunahing ideya mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitala at aktuwal na personal na interaksyon).*

Ang gawaing "Pagsusuri sa Talumpati" ay nakaugat sa Constructivist Approach na ginagamit sa Senior High School (SHS) curriculum, alinsunod sa Most Essential Learning Competencies (MELCs) ng DepEd. Sa disenyong ito, ang mag-aaral ay aktibong lumalahok sa pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pasalita, gaya ng talumpati, sa halip na pasibong tumanggap lamang ng impormasyon.

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td></td><td></td><td></td><td></td><td>ideya</td></tr>
<tr><td>Paggamit ng Wika</td><td>Wasto, malinis, at akma ang gamit ng wika</td><td>Kaunting kamalian ngunit hindi nakaaapekto sa kahulugan</td><td>May mga kamalian na nakaaapekto sa kabuuan</td><td>Maraming kamalian, hirap unawain</td><td>Hindi maunawaan dahil sa dami ng kamalian</td></tr>
</table>
</td>
<td>Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 6.</td>
</tr>
<tr>
<td></td>
<td>
Opsiyon 2: Pagsusuri sa Multimodal na Interaksyon (Video)<br>
Gawain:<br>
Panoorin ang isang video ng personal na interaksyon (hal. interbyu, vlog, dokumentaryo). Sagutin ang mga sumusunod sa isang worksheet:<br><br>
1. Ano ang layunin ng interaksyon?<br>
2. Ano ang pangunahing ideya?<br>
3. Magbigay ng dalawang sumusuportang detalye.<br>
4. Anong di-berbal na palatandaan ang napansin mo? Paano ito nakatulong?<br><br>
____________________________________________<br>
____________________________________________<br>
____________________________________________<br>
____________________________________________<br>
____________________________________________<br>
____________________________________________<br>
____________________________________________<br>
____________________________________________<br>
____________________________________________
</td>
<td>Ang Understanding by Design ay isang balangkas na nakatuon sa pag-unawa bilang layunin ng pagkatuto, hindi lamang sa pagpapasa ng impormasyon. Sa gawaing pagsusuri ng multimodal na interaksyon, malinaw ang mga elemento ng UbD:</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 4. Karagdagang Gawain:<br>**Opsiyon 1:** Ilahad sa pamamagitan ng graphic organizer ang mga salitang maaaring maiugnay sa pangunahing ideya. Gawing gabay ang graphic organizer na makikita sa ibaba.<br><br> | ***Pagsasagawa:*** Ang guro ang pipili ng video na ipapanood nila sa kanilang mga mag-aaral.<br><br>*Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 7.* |
| | ***Opsiyon 2:*** Gamit ang organizer sa ibaba, ilahad ang pagkakaiba ng pagkuha ng pangunahing ideya sa tekstong pasalita, pasulat, at multimodal. Gamiting saligan ang graphic organizer sa ibaba.<br><br>**Pasalita** \| **Pasulat** \| **Multimodal** (blank table) | Ang gawain ay nakabatay sa *Constructivist Framework,* dahil hinihikayat nito ang mga mag-aaral na aktibong magtuklas at mag-organisa ng kaalaman, gamitin ang sariling karanasan sa pag-unawa ng teksto, at makabuo ng sariling pagkatuto sa pamamagitan ng paghahambing at analisis gamit ang graphic organizer. |

| Pasalita | Pasulat | Multimodal |
|---|---|---|
| | | |

<table>
<tr><td colspan="3">V.PAMAMARAAN:Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal at interpersonal na konteksto, na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.<br>A. Natutukoy ang mga proseso ng pagbibigay kahulugan, pakikilahok at pagpapahayag; at<br>B. Nakagagamit sa mga proseso ng pagbibigay- kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa pakikipagkomunika ng mga personal at interpersonal na konteksto.</td></tr>
<tr><td rowspan="3">A.Aktuwalisasyon ng Dating Kaalaman</td><td>1. Paghango sa Dating Kaalaman<br>Opsiyon 1: Salita Ko, Salita Mo<br>Paraan:<br>1. Bumuo ng pares (partner activity).<br>2. Magbahaginan ng mga karanasan kung kailan sila nakipag-usap sa:<br>- Kaibigan<br>- Guro<br>- Magulang<br>3. Itanong sa bawat isa:<br>- Ano ang layunin ng usapan?<br>- Paano mo inangkop ang paraan ng iyong pakikipag-usap sa kausap mo?<br>- Anong naramdaman mo matapos ang usapan?</td><td>Output:<br>Ibahagi ng bawat pares sa klase ang natuklasan nila tungkol sa kahalagahan ng interpersonal context sa kanilang usapan.</td></tr>
<tr><td>Opsiyon 2: Balik-Tanaw sa Sarili<br>1. Sagutin ang mga sumusunod sa isang journal o sagutang papel:<br>2. Kailan ka huling nagsalita sa sarili (self-talk)?<br>3. Anong sitwasyon ang nagtulak sa iyo upang gawin ito?<br>4. Paano ito nakaapekto sa iyong damdamin o pagdedesisyon?<br>5. Magbahagi ng ilang piling sagot (optional kung sensitibo ang nilalaman).</td><td>Output:<br>Replektibong sanaysay na nagpapakita ng pagkaunawa sa personal na konteksto sa komunikasyon.</td></tr>
<tr><td>2. Paglalahad ng Layunin<br>Opsiyon 1: Tamang Tugon, Tamang Layunin<br>Panuto:<br>1. Magpakita ng tatlong sitwasyon sa pisara o papel:<br>- A. Humihingi ng paumanhin sa kaibigan<br>- B. Humihiling ng tulong sa guro<br>- C. Nakikipagbiruan sa kapatid<br>2. Itanong:<br>- Ano kaya ang layunin ng tagapagsalita sa bawat sitwasyon?<br>- Anong paraan ng pagpapahayag ang angkop sa bawat layunin?</td><td>Layunin ng Aktibiti:<br>Maipakita na sa bawat konteksto ng komunikasyon (personal/interpersonal), mahalagang matukoy muna ang layunin upang maging epektibo ang pagpapahayag.</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | 3. Ipasagot ito ng pasalita o ipasulat sa maliit na papel. | |
| | **Opsiyon 2: Layunin Ko, Alam Ko**<br>Pamamaraan:<br>1. Magpasulat ng tatlong karaniwang sitwasyon sa kanilang buhay kung saan sila:<br>- Nagbahagi ng sariling saloobin<br>- Nakipag-usap sa magulang o kaibigan<br>- Gumamit ng social media upang magpahayag<br>2. Sa bawat sitwasyon, ipasagot:<br>- Ano ang layunin mo sa pakikipag-ugnayan na iyon?<br>- Paano mo ipinaabot ang mensahe?<br>- Ano ang naging epekto nito?<br>3. Talakayin sa maliit na grupo ang mga sagot. | **Layunin ng Aktibiti:** Matulungan ang mag-aaral na maging mulat sa layunin ng kanilang komunikasyon at kung paano ito naaangkop sa personal at interpersonal na konteksto. |
| **B. Integrasyon ng Bagong Kaalaman** | 1. Pagbibigay ng Halimbawa<br>***Opsiyon 1:*** **Tuklas Kilos-Tinig**<br>1. Maghanda ng mga sitwasyong nagpapakita ng komunikasyong:<br>- Personal (hal. pakikipag-usap sa sarili)<br>- Interpersonal (hal. pakikipag-usap sa magulang, guro, o kaibigan)<br>2. Bawat grupo ay pipili ng isang sitwasyon at ipe-perform ito gamit ang angkop na:<br>- Tono ng tinig<br>- Galaw ng katawan<br>- Uri ng wika<br>- Layunin ng pagpapahayag (paghingi ng tawad, pakikiusap, pagbabahagi ng damdamin, atbp.)<br>3. pagagawa ang pagtatanghal sa harap ng klase. | **Layunin ng Gawain:** Maipakita ng mag-aaral ang pagpapahayag at pakikilahok sa personal at interpersonal na konteksto, na may malinaw na pagkaunawa sa layunin ng komunikasyon. |
| | ***Opsiyon 2:*** **Layunin at Pahiwatig**<br>1. Magbigay ng mga maikling dayalogo o senaryo gaya ng:<br>- "Hindi ko alam kung paano ko sasabihin sa kanya, pero kailangan niya itong marinig."<br>- "Salamat sa pakikinig. Malaking tulong ang iyong payo."<br>2. Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod:<br>- Ano ang layunin ng tagapagsalita?<br>- Ano ang kontekstong kinabibilangan nito (personal o interpersonal)? | **Layunin ng Gawain:** Maipakita ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga halimbawa ng komunikasyon, at kung paano lumilitaw ang layunin sa loob ng personal at interpersonal na |

| | | |
|---|---|---|
| | - Paano naipapakita ang proseso ng pagbibigay-kahulugan sa mensahe? | konteksto. |
| | 2. Pagtalakay sa Bagong Konsepto<br>Narito ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal at interpersonal na konteksto, na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin:<br>**1. Pagbibigay-Kahulugan (Decoding)**<br>Ang pagbibigay-kahulugan ay ang proseso ng pag-unawa sa mga mensahe—pasalita man o di-pasalita—na natatanggap mula sa sarili o sa ibang tao. Sa personal na konteksto, ito ay maaaring pagsasalin ng sariling damdamin o karanasan sa isang makabuluhang interpretasyon. Sa interpersonal na konteksto, ito ay ang pag-unawa sa sinasabi o ipinapahiwatig ng kausap.<br>**2.Pakikilahok (Participation)**<br>Ang pakikilahok ay ang aktibong pagsali sa proseso ng komunikasyon, kabilang ang pakikinig, pagtugon, at pagbibigay ng reaksyon. Sa personal na konteksto, ito ay maaaring pagninilay o self-talk. Sa interpersonal na konteksto, ito ay ang pakikipag-ugnayan sa iba sa paraang bukas, may malasakit, at may respeto.<br>**3.Pagpapahayag (Expression)**<br>Ang pagpapahayag ay ang proseso ng paglalahad ng damdamin, ideya, o opinyon sa pamamagitan ng salita, kilos, o iba pang paraan. Sa personal na konteksto, ito ay maaaring pagsusulat sa diary o self-expression. Sa interpersonal na konteksto, ito ay ang pakikipag-usap sa iba upang maiparating ang sariling saloobin.<br>**Kamalayan sa Layunin**<br>Ang kamalayan sa layunin ay ang pag-unawa sa layunin ng komunikasyon—bakit tayo nakikipag-usap, ano ang gusto nating iparating, at paano ito makaaapekto sa kausap. Ito ay mahalaga upang maging epektibo at makabuluhan ang pakikipag-ugnayan sa iba. | **Estratehiya ng Guro:**<br><br>Bigyan ng mga sitwasyon (hal. pakikipagkaibigan, paghingi ng tawad).<br><br>Ipakita ng estudyante kung paano:<br>Umintindi ng mensahe (decoding)<br><br>Makilahok sa usapan (participation)<br><br>Magpahayag ng damdamin (expression)<br><br>4. Gamitin ang Teknolohiya (Output Activity)<br><br>Ipagawa ang isang video, poster, o tula na nagpapakita ng:<br>Pangunahing ideya<br>Iba't ibang uri ng teksto<br>Komunikasyon sa araw-araw |

| | | |
|---|---|---|
| | *3.* Paglinang ng Kabihasaan:<br><br>***Opsiyon 1:*** **Tukoy-Layunin: Sitwasyon Mo, Ipaliwanag Mo!**<br><br>**Panuto: Isulat sa kahon ang mga kasagutan na may kinalaman sa sitwasyong makikita sa ibaba.** | *Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 8.*<br><br>***Output:*** Maikling paliwanag sa bawat sitwasyon batay sa pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag.<br><br>**Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:**<br><br>Pagpapahayag ng saloobin o nararamdaman nang may pagsaalang-alang sa damdamin ng iba. |

| **Sitwasyon** | **Konteksto** | **Layunin ng Tagapagsalita** | **Paraan ng Pagpapahayag** |
|---|---|---|---|
| Pahingi ng Tulong Sa Guro | | | |
| Pakikipag-ayos sa kapatid | | | |
| Pagtanggi sa paanyaya | | | |

**1.** Sa bawat sitwasyon, ipasagot ang sumusunod:
- Ano ang konteksto ng usapan?
- Ano ang layunin ng tagapagsalita?
- Anong paraan ng pagpapahayag ang angkop sa sitwasyong ito?
- Paano nakatulong ang pakikilahok upang maging matagumpay ang komunikasyon?

| | | |
|---|---|---|
| | **Opsiyon 2: Role-Play: Layunin Ko, Ipapahayag Ko!**<br><br>Pamamaraan:<br>1. Bumuo ng maliliit na grupo (3–5 miyembro).<br>2. Bawat grupo ay bubuo ng isang maikling sitwasyong pangkomunikasyon na may malinaw na layunin<br>- Hal. pakikipagbati, paghingi ng payo, pagbabahagi ng damdamin<br>3. Isaayos ang kanilang dayalogo upang ipakita ang:<br>- Layunin ng tagapagsalita<br>- Pagpapahayag ng mensahe<br>- Tugon o pakikilahok ng kausap<br>- Pagtatapos ng usapan batay sa orihinal na layunin<br>4. Isasadula ito sa harap ng klase. | ***Output***: Dayalogo at pagsasadula ng epektibong komunikasyon na nagpapakita ng kamalayan sa layunin. |
| **C. Demonstrasyon ng Kaalaman at Kasanayan** | 1. Pagtukoy sa Praktikal na Aplikasyon<br>**Opsiyon 1:** Tukuyin kung ang mga sumusunod na sitswasyon ay tumutukoy sa personal o interpersonal na konteksto. Isulat ang inyong sagot sa patlang bago ang bawat bilang.<br><br>___________1.Nagdesisyon si Carla na sumulat sa journal upang linawin ang mga nararamdaman niyang pagkalito sa sarili.<br><br>___________2. Umiiyak si Liza sa isang sulok habang iniisip ang kanyang problema.<br><br>___________3. Narinig ni Anna ang tibok ng kanyang puso at naramdaman niyang kabado siya. Naiisip niya na baka dahil ito sa nalalapit na exam.<br><br>___________4. Sa isang group discussion, aktibong nakikinig at sumasagot si Renz sa mga tanong ng guro.<br><br>___________5. Napansin ni Mark na tahimik ang kanyang kaibigan at hindi siya tumatawa sa mga biro.<br><br>***Opsiyon 2:*** Maglahad ng mga sitwasyon sa iyong buhay na nagpapakita ng pagbibigay kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag. Isulat ang inyong mga sagot sa talahanayan. | Ang gawaing ito ay tumutugon sa layuning : *Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal at interpersonal na konteksto, na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.*<br><br>*Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 9.*<br><br>**Mungkahing Pangkomunikatibo:** Pakikilahok sa mga usapang nangangailangan ng aktibong pakikinig at |

| | | |
|---|---|---|
| | **Pagbibigay Kahulugan** / **Pakikilahok** / **Pagpapahayag** (table below) | pagkakaroon ng empatiya (hal., pakikiramay at pakikidalamhati, pagbibigay ng eulohiya, atbp.) |
| | 2. Paglalahat<br>***Opsiyon 1:*** Batay sa iyong mga naging sagot sa itaas, isulat ang mga katangian ng pagbibigay kahulugan, pakikilahok at pagpapahayag sa aspektong personal at intrapersonal. Gawing sanggunian ang tsart sa ibaba. | Ang gawaing ito ay tumutugon sa layuning : *Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal at interpersonal na konteksto, na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.* |

| Pagbibigay Kahulugan | Pakikilahok | Pagpapahayag |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |

| | Pagbibigay kahulugan | Pakikilahok | Pagpapahayag |
|---|---|---|---|
| Personal | | | |
| Interpersonal | | | |

| | | |
|---|---|---|
| | ***Opsiyon 2:*** Bakit mahalagang isa-alang alang ang saloobin o nararamdaman bago tayo magpahayag ng sariling opiniyon o mensahe tungkol sa isang isyu o paksa, mapa-personal man o interaksiyonal?<br>:______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________<br>______________________________________________ | Ang gawaing ito ay tumutugon sa layuning : *Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal at interpersonal na konteksto, na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.* |
| | 3. Pagtataya<br><br>***Opsiyon 1***: "Sulat Pakikidalamhati"<br><br>Panuto:Isipin ang isang kaibigan o kaklase na maaaring may pinagdadaanan (hal. iniwan ng kaibigan, bumagsak sa exam, o nalulungkot).<br><br>Gumawa ng isang sulat na magpapakita ng iyong malasakit at pag-unawa sa kanyang nararamdaman. | *Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 10.*<br><br>**Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:** Pakikilahok sa mga usapang nangangailangan ng aktibong pakikinig at pagkakaroon ng empatiya (hal., pakikiramay at pakikidalamhati, pagbibigay ng eulohiya, atbp.) |

**RUBRIK SA PAGGAWA NG SULAT PAKIKIDALAMHATI**

| **Kategorya** | **4 (Napakahusay)** | **3 (Mahusay)** | **2 (Katamtaman)** | **1 (Pangunahing Antas)** |
|---|---|---|---|---|
| Malasakit | Malinaw na naipakita ang pag-unawa at malasakit sa damdamin ng kausap. | May pagpapakita ng malasakit ngunit kulang sa lalim ng empatiya. | Kaunti lamang ang pagpapahayag ng malasakit o hindi malinaw. | Hindi naipakita ang empatiya o may tono ng paghusga. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Organisasyon ng Liham | Maayos ang pagkakabuo, may malinaw na simula, gitna, at wakas. | Maayos ngunit may kaunting kalituhan sa daloy ng ideya. | Magulo ang daloy ng liham, hindi magkakaugnay ang bahagi. | Walang organisasyon; kalat-kalat ang mga ideya. |
| Wika at Nilalaman | Gumamit ng angkop, tapat, at magalang na mga salita. | May ilang hindi angkop na salita ngunit malinaw ang layunin. | May ilang malabo o di-angkop na salita. | Malabo, walang galang, o hindi akmang pananalita. |
| Pagkamalikhain | Orihinal at makabagbag-damdamin ang paraan ng pagpapahayag. | Karaniwan ngunit may damdaming ipinapakita. | Simple at kulang sa damdamin. | Walang damdamin at tila sapilitan ang pagkakasulat. |

Siguraduhing hindi siya hinuhusgahan at magbigay ng positibong suporta.

***Opsiyon 2***:"Ano ang Sasabihin Ko?" *(Role-Playing)*
Panuto:Magsagawa ng isang maikling dayalogo(4-6 linya) na nagpapakita ng pagsasaalang-alang sa damdamin ng kausap.Pumili mula sa mga sitwasyon sa ibaba:

- Nalulungkot ang kaibigan mo dahil hindi siya nakasali sa grupo.
- Nag-away ang dalawang kaklase mo at isa sa kanila ay umiiyak.
- Namatayan ng mahal sa buhay ang iyong kaibigan.
- Nasawi sa pag-ibig ang iyong nakatatandang kapatid.

Tiyaking mahinahon, tapat, at may empatiya ang paraan ng pagsasalita
Output: Maikling presentasyon ng dayalogo o pagsasanay sa klas

Sumasaklaw din ito sa layuning *Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal at interpersonal na konteksto, na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.*

**Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:**
Pakikilahok sa mga usapang nangangailangan ng

| Kategorya | 4 (Napakahusay) | 3 (Mahusay) | 2 (Katamtaman) | 1 (Pangunahing Antas) |
|---|---|---|---|---|
| Empatiya at Pag-unawa | Malinaw at taos-pusong naipahayag ang malasakit sa damdamin ng kausap. | Naipahayag ang empatiya ngunit may kaunting kakulangan sa lalim. | May kaunting pakikiramay ngunit hindi gaanong malinaw. | Hindi naipakita ang malasakit o empatiya sa usapan. |
| Likas na Pagganap | Natural, makatuwiran, at kapani-paniwala ang kilos at pananalita. | Medyo natural ngunit may ilang bahaging pilit o mahina. | Medyo hindi natural at kulang sa emosyon. | Hindi kapani-paniwala; tila hindi isinapuso. |
| Kooperasyon | Mahusay na pakikipag-ugnayan sa kapareha; may teamwork. | Nakipag-ugnayan ngunit may ilang aberya sa diyalogo. | May kahinaan sa koordinasyon sa kapareha. | Halatang hindi nagplano o walang ugnayan ang mga kalahok. |
| Kalinawan ng Mensahe | Malinaw ang layunin at saloobin; madaling maunawaan. | Medyo malinaw ang mensahe; may ilang kalituhan. | Mahina ang dating ng mensahe; kulang sa detalye. | Hindi naunawaan ang mensahe; magulo ang pagpapahayag. |

aktibong pakikinig at pagkakaroon ng empatiya (hal., pakikiramay at pakikidalamhati, pagbibigay ng eulohiya, atbp.)
Ang gawaing ito ay tumutukoy sa layuning *Nahihinuha ang mga pangunahing ideya mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitalang at aktuwal na personal na interaksyon).*

**Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:**
Pakikilahok sa mga usapang nangangailangan ng aktibong pakikinig at pagkakaroon ng empatiya (hal., pakikiramay at pakikidalamhati, pagbibigay ng eulohiya, atbp.)

4. Karagdagang Gawain:

***Opsiyon 1: Bumuo ng hinuha sa tekstong multimodal na makikita sa ibaba.***




*Mula sa: https://asiatimes.com/2025/02/philippines-edsa-marcos-jr-and-the-risk-of-forgetting/#*

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

**Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:**
Pakikilahok sa mga usapang nangangailangan ng aktibong pakikinig at pagkakaroon ng empatiya (hal., pakikiramay at pakikidalamhati, pagbibigay ng eulohiya, atbp.)

*Tingnan sa Gawaing Pampagkatuto sa Mabisang Komunikasyon Learning Activity Sheets Gawain 11.*

***Opsiyon 2:* "Tinig Ko, Tinig Mo" (Pagkilala sa Layunin ng Pagpapahayag)**

Tukuyin kung anong layunin ng wika sa mga sumusunod na sitwasyon:
1. Nakikipag-usap sa kaibigan na malungkot.
2. Humihingi ng paumanhin sa magulang.
3. Nagpapahayag ng ideya sa grupo para sa proyekto.

Sagutin ang mga tanong:
1. Ano ang layunin ng pagsasalita sa sitwasyong ito?

| | | |
|---|---|---|
| | 2. Paano mo ihahayag ang iyong sarili? (tonong gamit, salitang pipiliin, kilos)<br>3. Bakit mahalagang isaalang-alang ang kausap at konteksto? | |
| **VI. PAGTATAYANG PANGYUNIT**<br>*(Pagtataya sa Natutuhan)* | ***Opsiyon 1: Piliin ang letra ng tamang sagot.***<br><br>1. Alin sa mga sumusunod ang nagpapakita ng pangunahing ideya sa isang pasalitang pahayag?<br><br>A. Bilis ng pagsasalita ng tagapagsalita<br><br>B. Tono ng boses ng tagapagsalita<br><br>C. Pangunahing punto ng pahayag o mensahe<br><br>D. Katawan ng nagsasalita habang nagsasalita<br><br>**Tamang Sagot: C**<br><br>2. Paano mo mahihinuha ang pangunahing ideya sa isang pasulat na teksto?<br><br>A. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng una at huling pangungusap lamang<br><br>B. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa pamagat, simula, at mga inuulit na ideya<br><br>C. Sa pamamagitan ng pagbasa sa pangalan ng may-akda<br><br>D. Sa pamamagitan ng pagkopya ng lahat ng impormasyon<br><br>**Tamang Sagot: B**<br><br>3. Sa isang multimodal na presentasyon, alin ang dapat isaalang-alang upang maunawaan ang pangunahing ideya? | Ang dulog na ito ay nakatuon sa visual learning at performance task-based approach, na nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na iproseso, ibuod, at ipakita ang kanilang kaalaman sa malikhaing pa |

| | | |
|---|---|---|
| | A. Background ng tagapagsalita<br><br>B. Laman ng slide, tono ng boses, at visual na detalye<br><br>C. Uri ng projector na ginamit<br><br>D. Haba ng video<br><br>**Tamang Sagot: B**<br><br>4. Anong proseso ng komunikasyon ang nakikita kapag aktibong nakikinig at sumasagot nang naaayon sa kausap?<br><br>A. Pagpapahayag<br><br>B. Pakikilahok<br><br>C. Pagmumuni-muni<br><br>D. Panunuod lamang<br><br>**Tamang Sagot: B**<br><br>5. Ang layunin ng isang tao sa pagpapahayag ng saloobin ay karaniwang nauugnay sa anong konteksto?<br><br>A. Teknikal<br><br>B. Personal<br><br>C. Pang-akademiko<br><br>D. Pampubliko<br><br>**Tamang Sagot: B** | |

6. Alin sa mga sumusunod ang isang halimbawa ng interpersonal na komunikasyon?

A. Pagsulat sa diary

B. Pakikipag-chat sa kaibigan

C. Panonood ng pelikula

D. Pagbabasa ng pahayagan

**Tamang Sagot: B**

7. Bakit mahalaga ang kamalayan sa layunin sa isang personal na usapan?

A. Para mapatagal ang usapan

B. Para makabuo ng mas maraming tanong

C. Para maipahayag ang sarili nang may paggalang at malinaw na intensyon

D. Para mas mapag-init ang diskusyon

**Tamang Sagot:**

8. Sa isang vlog tungkol sa mental health, paano naipapakita ang pangunahing ideya?

A. Sa music background lamang

B. Sa visual effect lamang

C. Sa kombinasyon ng sinasabi ng vlogger, imahe, at musika

| | | |
|---|---|---|
| | D. Sa haba ng video<br><br>**Tamang Sagot: C**<br><br>9. Kapag ang isang estudyante ay naglalahad ng kaniyang saloobin tungkol sa isang isyu sa klase, anong proseso ang kaniyang ginagawa?<br><br>A. Pakikilahok lamang<br><br>B. Pagpapahayag ng sarili<br><br>C. Pagpapahayag ng galit<br><br>D. Pagtatalumpati<br><br>**Tamang Sagot: B**<br><br>10. Paano mo maipakikita ang pag-unawa sa isang multimodal na interaksyon?<br><br>A. Sa pagbibigay ng sariling interpretasyon gamit lamang ang narinig<br><br>B. Sa pagsusuri ng sinasabi, ipinapakita, at ipinapahiwatig sa video o presentasyon<br><br>C. Sa pakikinig lamang sa musika<br><br>D. Sa pagbibigay ng opinyon kahit hindi pa tapos panoorin<br><br>**Tamang Sagot: B** | |

| | | |
|---|---|---|
| | **Opsiyon 2: "Puso sa Puso: Isang Simulasyong Pakikipag-usap"**<br><br>Panuto:<br><br>1. Pumili ng kapareha o bumuo ng pares.<br>2. Magplano ng isang eksena kung saan may nagaganap na "puso sa pusong" pag-uusap sa pagitan ng dalawang tao. Ilan sa mga maaaring sitwasyon:<br><br>1. Isang anak na nagpapaliwanag sa magulang kung bakit siya nabigo sa pagsusulit<br>2. Magkaibigang nagkakaroon ng tampuhan<br>3. Mag-aaral na humihingi ng payo sa guro<br>4. Isang taong nagpapahayag ng pasasalamat sa taong tumulong sa kaniya<br>5. Pag-amin ng tunay na damdamin (hal. takot, kaba, o paghanga)<br><br>*Ihanda ang sumusunod:*<br><br>1. Script ng inyong usapan (hindi kailangang memoryado; maaaring gumamit ng cue cards)<br>2. Pagpapaliwanag bago ang eksena (30–60 segundo):<br>3. Ano ang konteksto ng usapan?<br>4. Ano ang layunin ng pakikipag-usap?<br><br>3. Ipakita ang performance sa klase (live o video-recorded)<br>4. Ang tagpo ay dapat tumagal ng 3–5 minuto<br><br>**Output na Ipapasa:**<br><br>● Pamagat ng Usapan<br>● Script o Outline ng Usapan<br>● Maikling Paliwanag ng Konteksto at Layunin<br>● Video file (kung online) | Ang dulog na ito ay **performance-based** at student-centered, na umaayon sa 21st century skills tulad ng komunikasyon, kolaborasyon, pagkamalikhain, at digital literacy. Ginagamit ang multimedia outputs bilang midyum ng pagkatuto |

**Rubrik sa Pagmamarka:**

| Kategorya | Deskripsyon | Puntos |
|---|---|---|
| Pagbibigay-kahulugan | Naipapakita ang malalim na pag-unawa sa isyu o damdaming tinatalakay | 20 pts |
| Pakikilahok | Aktibong pakikipagpalitan ng ideya, may respeto at empatiya | 20 pts |
| Pagpapahayag | Malinaw, makatao, at makatotohanang pagsasalita | 20 pts |
| Kamalayan sa Layunin | Maliwanag ang intensyon ng komunikasyon (hal. magpaliwanag, makipag-ayos) | 15 pts |
| Kaayusan ng Presentasyon | Maayos ang daloy, malinaw ang boses, may kumpas at galaw | 10 pts |
| Kabuuan | 100 pts | |

**Mungkahing Sitwasyong Komunikatibo:**

Pakikipag-usap nang puso sa puso

| | |
|---|---|
| **VII. PAGNINILAY**<br><br>*(Mungkahi at Komento para sa Patuloy na Pagpapahusay)* | **Mga Tanong sa Pagninilay ng Guro:**<br><br>A. Bilang ng mag-aaral na nakakuha ng 80% sa pagtataya ___________<br>B.Bilang ng mag-aaral na nangangailanagan ng iba pang Gawain para sa remediation ___________________________<br>C. Nakakatulong ba ang remedial? Bilang ng mag-aaral na nakaunawa sa aralin _____________________________________________________<br>D. Bilang ng mga mag-aaral na magpapatuloy sa remediation ___________________________________________________________<br>E. Alin sa mga istratehiyang pagtuturo ang nakatulong ng lubos? Paano ito nakatulong?____________________________________________<br>F. Anong suliranin ang aking naranasan na nasolusyunan sa tulong ng aking punungguro at superbisor?_______________________________<br>G. Anong kagamitan ang aking nadibuho na nais kong ibahagi sa mga kapwa ko guro?__________________________________________<br>H. Lagyan ng tsek (√) kung nakamit ang mga kasanayang pampagkatuto:<br>**Nahihinuha ang mga pangunahing ideya mula sa mga tekstong pasalita, pasulat, at multimodal (hal. naitala at aktuwal na personal na interaksyon).**<br>___Nabibigyang kahulugan ang pangunahing ideya.<br>___Nakapagpapaliwanag sa halaga ng pangunahing ideya sa teksto; at<br>___Natutukoy ang pangunahing ideya sa tekstong pasalita, pasulat at multimodal.<br><br>**Naipaliliwanag ang mga proseso ng pagbibigay-kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa mga personal at interpersonal na konteksto, na nagpapamalas ng kamalayan sa kanilang layunin.**<br>___Natutukoy ang mga proseso ng pagbibigay kahulugan, pakikilahok at pagpapahayag; at<br>___Nakagagamit sa mga proseso ng pagbibigay- kahulugan, pakikilahok, at pagpapahayag sa pakikipagkomunika ng mga personal at interpersonal na konteksto. |